
SOGIE BILL
ITAGUYOD
PANTAY
PANTAY
STOP
HATE
CRIME!
DON'T
DISCRIMINATE!

# "MANONG, HINDI LANG KAMI PURO *TITI*": ILANG TALA SA MGA MANANAYSAY TUNGKOL SA KARANASANG BAKLA SA PANITIKANG FILIPINO AT INGLES*

*John Leihmar Toledo*

**ABSTRAK**

*Itinatala sa sanaysay ang mahabang tradisyon ng pagsulat o pagsasatinig ng mga personal na alaala ng kabaklaan sa ilang mga nakalap na tekstong pampanitikan, etnograpiko, at awtografikal. Kung papansinin, karamihan sa mga naisulat ay nasa wikang Ingles. Kalaunan na lamang higit na dumami ang naratibo ng karanasang bakla sa Filipino nang mas naging demokratisado noong dekada nobenta ang pagsulat ng alaala lalo na sa pagdami ng* blogs *o* sites *na maaaring maging lunan ng alaala. Inilalahad at ipinupunto ang relasyon ng mundo at sarili sa mga personal na karanasan ng isang bakla. Ang personal na karanasan ay lunan din ng malalaking kontradiksyon sa lawas ng tunggalian. Mula rito'y maaaring paunlarin ang politika at pag-aaral ng tekstong pampanitikang* queer *o bakla lalo na sa mga karanasang hindi naririnig o nasasabi samantalang naikukubli lamang sa silid ng kani-kanilang mga tahanan. May malaking potensyal ang pag-akda ng mga 'di-kathang bakla sa pagbabago ng pagturing sa mga bakla. Kapuna-puna ang kakulangan sa mga karanasan tungkol sa kabataan, tinedyer, at* young adult *na mga bakla. Inililista rito ang isang panimulang pagmamapa sa tradisyon ng pagtatala ng gunitâng bakla sa mga mananaysay ng Filipino at Ingles, ang pinagmumulang*

* Bahagi ito ng tesis masterado ng may-akda, ang "Pagbabakla: Mga Talang-Gunitâ" (2018). M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

*kapookan para sa mga manunulat na nagsisimulang umakda ng kanilang personal na kasaysayan ng pagiging isang bakla. Nagsimula ang kronolohiyang ito kay Jose Garcia Villa na itinuturing na unang Pilipinong manunulat ng karanasang bakla sapagkat kahit nasa anyong kathang-isip ang kanyang pagkatha ay may mala-awtografikal na mga elemento pa rin ang mga ito. Susundan ito ng mga manunulat noong dekada nobenta, mula sa isang Filipino-American, si John Silva, tungo sa mga unang naglathala ng baklang gunitâ; sina Danton Remoto, J. Neil Garcia, Ronald Baytan, ang mga manunulat sa antolohiyang Ladlad; ang mga baklang naglathala ng kanilang mga sariling koleksiyon ng sanaysay sa Filipino tulad nina Louie Cano at J. Iremil Teodoro; hanggang sa mga baklang manunulat na masugid at masikhay na nagsusulat ng kanilang personal na karanasan sa kasalukuyang dekada tulad nina Jack Alvarez, Wilfredo Pascual, at Jerry Grácio, kabilang na ang mga nalalathala sa magasin tulad ng TEAM. Maaari pang pag-aralan at isama sa listahan sa hinaharap ang umuusbong din na rehiyunal na mga panitikang bakla sa anyong 'di-katha.*

**Mga Susing Salita:** creative nonfiction, *karanasang bakla, panitikang bakla, sanaysay, talang-gunitâ*

## ABSTRACT

*This essay maps a vibrant tradition of writing or voicing personal gay experiences culled from literary, ethnographic, and autobiographical texts. Noticeably, most of the texts are written in English. It was only later that narratives about gay experiences flourished in the Filipino language, marked by the increased democratization of writing in the 1990s, especially with the emergence of blogs or sites that can be a space for memory writing. The essay establishes a relationship between the world and the self through personal gay experiences. In the process, the personal experience reveals that it can also become a space of larger contradictions in the realm of the struggle. Through reflective analysis in memoir, sexual politics can be sharpened and, thus, enrich the study of queer or gay literary texts, especially of those experiences unvoiced, unheard, or unsaid while trapped in the closets of their homes. There is a huge potential for gay creative nonfiction to change and break stereotypes of gay identity. There is also a lack of writing that foregrounds gay narratives of youth, teenagers,*

*and young adults. The paper provides a preliminary list of the gay tradition in memory writing of essayists in Filipino and English - the terrain that can be a source for writers who are beginning to craft their personal gay histories. This chronology begins with Jose Garcia Villa, who is considered the first Filipino writer of gay experience and whose fiction displays elements of an autobiographical narrative; the writers from the 1990s, such as Filipino-American author John Silva, and those who established gay memory writing, such as Danton Remoto, J. Neil Garcia, Ronald Baytan; the other writers from Ladlad anthology and the gay writers who wrote their personal collection of essays in Filipino, like Louie Cano and J. Iremil Teodoro; the passionate and avid writers of personal essays in the current decade, like Jack Alvarez and Wilfredo Pascual; and, finally, the writers of TEAM magazine. Future studies may still further this research and incorporate into the list the emerging gay creative nonfiction from the regions.*

**Keywords:** *creative nonfiction, gay experience, gay writing, essay, memoir*

Noong 2016, sa isang klase tungkol sa pagsulat ng *"Critical Text"* sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman, kinuwestiyon ni Jun Cruz Reyes, beteranong mangangatha at miyembro ng Likhaan Institute of Creative Writing, kung bakit daw pulos *titi* na lang ang isinusulat ng mga bakla.[1] Masakit marinig ang ganitong pahayag lalo na sa mga baklang may ipinaglalaban tulad ng may akda. Marahil, hindi pa nabasa ni Reyes si Martin Manalansan IV, pati na ang mga umuusbong na pag-aaral hinggil sa sikolohiyang LGBT ng Psychological Association of the Philippines, kung saan ikinukuwento ang mga pinagdaraanan ng mga bakla, lesbiyana, *bisexual, transgender,* at *intersex.*

Naniniwala ako sa pagkasalabid ng karanasan ng isang bakla dahil maraming tunggalian sa kuwarto, sa espasyo, sa sarili, sa kalsada, sa pamilya, sa kapwa lalaki, sa ibang lalaki, sa mga babae, at marami pang iba.

[1] Matagal na pala ang ganitong kontra-baklang obserbasyon ni Jun Cruz Reyes. Panahon nang tapusin at bakahin ang mga ganitong wika ng mga kanonikal na manunulat. Masyado na itong luma sa panitikan. Ani Eugene Evasco (2003), ganito rin ang kanyang obserbasyon dati sa panulaan ng bakla sa Ikalawang Palihang Panulat sa Malolos, Bulacan noong Oktubre 1997.

Mali ang paglalahat ni Reyes na *titi* lang ang isinusulat ng bakla, bagay na lagi niyang ipinupuna sa mga bakla. Sa dami ng uri ng bakla sa Pilipinas, at kung nakilala lamang niya ang mga baklang ito, marahil ay hindi niya bibitawan ang gano'ng komento. Kung sino kasi ang may kapangyarihan sa klasrum, siya ang may kapangyarihang magdiskurso. Bakit kaya kontra-bakla ang kumento niya?

Maaari kayang may pagkamuhi siya sa mga baklang teksto o mga bagong manunulat? *Titi* lang ba ang isyu ng *Ladlad*, na tatlong beses nang nakapaglimbag ng antolohiya ng baklang panitikan mula 1994 hanggang 2007, ang *Sa Labas ng Parlor* (1998) ni Honorio Bartolome de Dios, ang pinagdadaanan ng mga baklang may Human Immunodeficiency Virus (HIV) tulad ni Wanggo Gallaga sa lirikong koleksiyon—ang *Remnants* (2015), ang kabataan ni Charlie Samuya Veric sa Aklan na itinula sa *Boyhood*: *A Long Lyric* (2016), at ang karanasan ng mga nagpuputang bakla sa Saudi Arabia tulad ni Jack Alvarez sa *Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (2015)? *Titi* lang talaga 'yon?

Nakita ko ang mali sa puna ni Reyes. Natagpuan ko na hindi naman lutang ang mga bakla sa lipunan at puro *titi* lang ang nasa isipan. Masyadong 'di-etikal, luma, at may pagkiling sa pangungutiya ang mga puna niyang kontra-bakla sa mga manunulat na bakla. May pangangailangang magbasa at magsaliksik.

Sa ganitong gana, nagsimula ang paghahanap ng mga baklang teksto tungkol sa pagiging bakla ng isang bakla. Narito sa pag-aaral ang isang panimulang pagmamapa ng tradisyon sa pagtatala ng gunitang bakla sa mga mananaysay ng Filipino at Ingles, ang pinagmumulang pook para sa mga manunulat na nagsisimulang umakda ng kanilang personal na kasaysayan ng pagiging isang bakla. Maaari pang pag-aralan at isama sa listahan sa hinaharap ang umuusbong din na rehiyunal na mga panitikang bakla sa anyong 'di-katha.

May mahabang tradisyon ng pagsulat ng personal na alaala ang mga bakla sa Pilipinas. Hindi man nila sadya, hindi man hayag, hindi man lantaran, inaakda nila sa kanilang mga sanaysay o salaysay ang buhay ng kabataan nila. Sa mga personal na kasaysayan nila, kinikilala ng sabjek o personang nagsasalita sa akda ang kanyang sarili, may agam-agam sa pagtanggap, o dumadaan sa malalaking pagsubok sa panahon ng kanilang pagiging isang bakla.

Ito ang mga nailathalang personal na sanaysay, salaysay, panayam, awtografikal na naratibo, o talang-gunitâ ng mga batang bakla, binatang bakla, at matandang bakla sa mga aklat, magasin, at 'di-nalathalang tesis.

Natuklasan ko na wala pang nagsusulat ng talang-gunitâ o koleksiyon ng personal na sanaysay tungkol sa kabataan at pagbibinata ng isang bakla sa Filipino. Samantala, may mahabang tradisyon ng *gay memoir* sa Ingles.

Kung uugatin ang kasaysayan ng pagsulat ng baklang gunitâ, maaaring balikan ang mga kuwentong "Wings and Blue Flame: A Trilogy" sa librong *Footnote to Youth* (1933) ni Jose Garcia Villa. May apat na mala-awtografikal na naratibong naisama si Villa. Matutunghayan dito ang mga gunitâ ng isang binatang baklang nagtatago sa kanyang kloseta.

Maraming dekada ang lilipas bago umusbong ang mga 'di-kathang kuwento ng pagiging isang bakla. Ang pag-uugat ng mga sanaysay tungkol sa pagiging bakla (sa aking termino'y *pagbabakla*) ng isang bakla'y matatagpuan sa dekada '90, ang pinakamalapit na dekada kung saan umusbong ang pinakaunang mga Pride March sa Pilipinas.

Nagsisimula ito sa mga kilalang manunulat ng *Ladlad* noong dekada '90 na may sari-sarili ding bersiyon ng kanilang *pagbabakla*: sina Danton Remoto, J. Neil Garcia, Ronald Baytan, Ralph Semino Galan, at Lawrence Ypil. Pinakatampok dito ang koleksiyon ng mga sanaysay tungkol sa kabataan ni Danton Remoto sa kanyang koleksiyong *Seduction and Solitude* (1995).

Sa pag-usbong ng diaspora bilang penomena sa panitikan, makikita na may mga Pilipinong nanirahan sa Amerika ang isinulat din ang kanilang alaala tulad ng "Iyay" (1992) ni John Silva na naisama sa isang antolohiya tungkol sa *boyhood* sa Amerika.

Kung hindi magiging istrikto sa kumbensiyon ng tema ng kabaklaan, maaaring ituring ang *Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita* (1999) ni Rene Villanueva bilang unang koleksiyon ng isang baklang manunulat sa Filipino na isinulat ang talang-gunitâ ng kanyang kabataan. Subalit hindi hayag sa mga sanaysay ni Rene Villanueva ang tema ng kabaklaan.

Sa sumunod na dekada, uusbong ang serye ng mga panulat na mala-kolum na tungkol sa kulturang bakla. Masasabing *marker* sa pagsisimulang ito ang pag-usbong ng mga panulat na sumusunod sa sinimulan ni Bob Ong.

Nariyan sina Louie Cano, John Iremil Teodoro, Romulo P. Baquiran, Jr., at Jack Alvarez na isinabuhay ang gunitang bakla sa kanilang mga sariling koleksiyon ng sanaysay subalit wala silang naisulat tungkol sa alaala ng kabataan at kabaklaan.

Ang pinakamalapit nang natagpuan ng manunulat dito'y ang talambuhay ni Raymond Alikpala, isang abogado, na isinulat din ang kanyang buhay bilang isang bakla sa *Of God and Men* (2012). Samantala si Lawrence Ypil, isang manunulat sa Sebuwano at Ingles, ay may isang sanaysay, ang "Impermanent Residencies" (2007) na nalathala sa *Philippine Free Press*.

Dito sa Pilipinas, karamihan sa *trend* ng mga talang-gunitâ ay nasa anyo ng personal na sanaysay at nakapaloob sa koleksiyon ng mga sanaysay (tulad nina Ronald Baytan, Danton Remoto, at J. Neil Garcia). Malakas din ang praktika rito ng paglalathala sa dyornal, kolum sa dyaryo, magasin (tulad ng *TEAM*), at pagsali sa taunang Carlos Palanca Memorial Awards for Literature.

Sa kasalukuyang dekada pa lang umusbong ang mga manunulat sa Filipino na nagsulat tungkol sa kabaklaan, kabataan, at pagbibinata. Isa na rito ang sanaysay na "Singkaw" (2010) ni Chuckberry Pascual na nasama sa akademikong dyornal, ang *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature no. 4* (Garcia 2014). Mga personal na opinyon at kolum naman ang tinipon ni John Iremil Teodoro na pinamagatang *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa* (2014) sa kanyang koleksiyon. Si Jack Alvarez sa *Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (2015) ay eksperimental sa kanyang mga dagli sapagkat tinangka niyang pagsamahin ang katha, sanaysay, testimoniya, at talang-gunitâ. Sa mga interbyu o salaysay na inilathala sa *Buhay Bahaghari* (Callueng 2014) at ang mga sanaysay nina Apa Agbayani na "Under the Pink" (2016), Paolo Lorenzana na "…And Now, Flashbacks from Boy Abunda!" (2016) at "Of the Times: A refresher on gay lives then" (2016), Paolo S. Ocampo sa "In Between Days" (2016), Cedric Reyes sa "Outgrown" (2016), Evan Tan sa "Bravely, To Be An Alfie" (2015), at Martin Yambao sa "Drawn to Desire: A Gay's

Cartoon Coming of Age" (2015) na nalathala sa *TEAM* mula 2015 hanggang 2017. Makikita na sumisingit minsan ang mga nirekord na salaysay ng mga bakla tungkol sa kanilang kabataan o paglaladlad.

Mayroong mga manunulat na Pilipino ang naging tanyag sa labas ng Pilipinas. Magiging popular ang mga personal na sanaysay ni Wilfredo Pascual sa *Kilometer Zero* (2016) na tungkol sa kabataan, pamilya, *gay marriage*, Nora Aunor, paglalakbay, at *diaspora*. Sa kasalukuyan, patuloy itong binabasa sa mga klase sa kolehiyo at hayskul, at nirereprodyus sa ikalawang edisyon bilang isang akdang *self-published*.

Nitong 2017, isinulat ni Norberto "Jun" Bana III ang "Game/ Boys", isang *gay childhood memoir* na disertasyon sa Ph.D. Creative Writing Program ng UP Diliman.

Sa sumunod na taon, inilathala ng Visprint ang *Bagay Tayo* (2018) ni Jerry Gracio, *memoir* at koleksiyon ng mga personal na sanaysay tungkol sa pag-iibigan nila ng kanyang *partner* na si Pitbull. Nakasanga sa koleksiyong ito ang mga personal na alaala noong bata pa si Gracio.

Kronolohikal ang naging paghahanay sa mga nakalap na tekstong Ingles at Filipino. Kung papansinin, karamihan sa mga naisulat ay nasa wikang Ingles. Kalaunan na lamang naging mas marami ang naratibo ng *pagbabakla* sa Filipino, ngayong panahong mas demokratisado ang pagsulat ng alaala lalo na sa dami ng *blogs* o *sites* na puwedeng maging lunan ng paglilimbag ng alaala.

Nakaambag din ang pagkakaroon ng mga proyektong tesis sa Unibersidad na pinapaksa ang kabaklaan. Kasama na diyan ang mga akdang naisulat sa Creative Writing Program tulad ng "From Mindanao to Malate: One gay writer's journey" ni Ralph Semino Galan (2005) at "Game/Boys" ni Norberto Bana III (2017), pati na rin ang pagkalap ng mga *online* na salaysay sa College of Mass Communication tulad ng ginawa ni F. Austria Jr. na pinamagatang "Gay Voices Online: Understanding the Motives of Gays in Manila for Going Online" (2004).

Limitado ang akses ko sa mga akda sa kung ano ang meron sa aklatan ng Unibersidad, sa personal na koleksiyon, sa teksbuk, at sa mga *website*.

Nasama sa listahan ang mga akdang nagpapakilala sa iba't ibang istilo, anyo, tema, at oralidad ng sanaysay na naisulat sa iba't ibang panahon. May pagkiling ang mga isinama rito ayon sa tema ng *coming-of-age*, kabataan, *exile*, espasyo, relasyon, pamilya, at buhay kabaklaan. Mahalaga na maipakita ang mga akda bilang representasyon ng kung ano ang meron sa lawas at/o batis ng panitikan. Hindi ko binasa ang akda na galing sa mga *blog* at interbyu na sumusunod sa kaanyunan na may pamantayan ng organikong pagtatalinhaga, at marami pang batayan sa pormalismo. Nais ko lamang maipakita na ang mga akdang ito'y siyang nagmamarka sa kasaysayan ng mga akdang 'di-katha ng mga bakla na isinusulat ang kanilang mga alaala ng *pagbabakla* o pagiging isang bakla.

Limitado rin ako sa wikang Ingles at Filipino dahil ito lamang ang mga wikang tanging may kasanayan akong basahin sa kasalukuyan. Maaari pang palawakin ang listahang ito sa iba pang wika sa Pilipinas na labas sa sentro ng publikasyon at akademiya, lalo na 'yong mga hindi pa nahahanap na personal na salaysay, sanaysay, talambuhay, liham, dyornal, o talang-gunitâ na pumapaksa sa paglaki, pagbibinata, at pagtanda ng isang bakla.

Kapansin-pansin na tila may *trend* ang mga nagsusulat ng talang-gunitâ na laging ikuwento ang mararahas na karanasan o trahedya ng pagiging bakla na nakakawing sa opresyon at diskriminasyon (ang iba pa nga'y pinapatay). Nais kong buksan ang diskurso tungkol sa kabaklaan na hindi na lamang dapat ito kuwento ng mga pang-aapi. Bagkus, makita na may kulang pa sa mga naisusulat na karanasang bakla lalo na sa anyo ng *creative nonfiction*. Paano kung wala talagang gano'ng karanasan ang isang batang bakla? Para bang ang baklang masasaya at mahihirap ay walang karapatang magsulat ng alaala. At para bang ang *memoir* o ang *personal na sanaysay* ay ikinakahon sa iisang kumbensiyon. Nais kong imapa sa panimulang listahang ito ang mga posibilidad ng pagsulat pa ng mga karanasang bakla mula sa paglaladlad o hindi paglaladlad, tungo sa pagtanggap sa sariling identidad o oryentasyong pangsekswal bilang pinakamataas na uri ng pakikibaka sa pook ng tunggaliang sekswal.

Higit pa rito, napansin ko ang kaunting mga akdang 'di-katha na naisusulat sa wikang Filipino tungkol sa karanasan ng kabataan, tinedyer, o *young adult* na bakla. Sa tuwing binabalikan ko ang klase ni Jun Cruz Reyes kung saan niya ipinahayag na puro *titi* lamang ang

ginagawang panulat ng mga bakla, nais kong salagin itong pahayag ng isinulat ni Jerry Gracio sa isang sanaysay niya sa *Bagay Tayo* (2018),

> Lagpas na ako sa mga pamomroblema sa mga personal na isyung pangkasarian. Bagama't siyempre, iba ang pagtataguyod ng mga isyung pangkasarian labas sa personal, ang pakikibaka para sa mas pantay na trato sa lahat ng tao—lalaki man o babae, tomboy man o bakla, naniniwala ako na isang parte lang ng pagkatao ang pagiging bakla, hindi nito mabibigyang kahulugan ang buo mong pag-iral bilang tao. Marami pang bahagi ang pagkatao, at ang suma-total ng mga bahaging iyon ang dahilan kung bakit ka nabubuo, nagiging tao, nagpapakatao. Hindi lahat ng bagay ay binabakla. Pero kung tatapakan ang bahaging ito ng iyong pagkatao, ibang usapan na 'yon (48-49).

Sa maikling paglilista, pinatutunayan ng mga ipinakitang datos dito ang isang panimulang pag-aaral ng mga akda tungkol sa pagiging bakla ng isang bakla o *pagbabakla*. Sapagkat nasa anyo pa ito ng sanaysay, malaki ang potensyal na makapagpataas ng diskurso ng kabaklaan at kasarian ang mga naratibong ito.

*"Self and world, self and core; all this is relational,"* ani Thomas Larson (2007, 23) isang kritiko at eksperto sa talang-gunitâ o *memoir*. Ibig sabihin, sa pag-akda ng personal na karanasan ng mga bakla, naibubukas ang posibilidad na makapagmuni-muni at magsuri sa buhay na dinanas. Habang mas tumatanda ang isang nagtatala ng gunitâ, mas nagkakaroon ng espasyo o distansya upang makita ang kabuuan at makatagpo ng liwanag o ng kahit man lang ng katiting na kahulugan sa mga personal na tunggalian.

Sapagkat mismong ang personal na karanasan ng mga bakla ay lunan din ng malalaking kontradiksyon sa lawas ng tunggalian, hindi masasabing puro *titi* lang ang nasa kamalayan at imahinasyon ng isang bakla. At kung *titi* man ang pinag-uusapan, tulad ng pahayag ni Reyes, hindi ba't bahagi ng buhay bakla ang pag-usapan ang seks na may relasyon sa pag-iibigang bakla?

Mula rito'y maaaring paunlarin ang politika at pag-aaral ng tekstong pampanitikang *queer* o bakla lalo na sa mga karanasang hindi naririnig o naisasatinig at naiiwan samantalang naikukubli

lamang sa kuwarto ng kani-kanilang mga tahanan. Narito sa mga sumusunod na bahagi ang ilang tala ukol sa mga manunulat ng baklang karanasan tungkol sa pagiging bakla ng isang bakla mula sa pinakauna hanggang sa pinakabago. Panahon nang payabungin ang anyong ito ng mga karanasang bakla sa mga tekstong 'di-katha!

## Higit pa kami sa aming mga titi: Panimulang listahan ng mga sanaysay tungkol sa karanasang bakla mula kay Villa tungo kay Grácio

### A. Mga koleksiyon ng sanaysay at talang-gunitâ

#### 1. Jose Garcia Villa

Maaaring ituring bilang likha ng alaala ang pagtatala ng baklang gunitâ na nasa apat na mala-awtografikal na maikling kuwento ng *Footnote to Youth* (1933) ni Villa. Kapansin-pansin na nahahati ang bawat talata ng kuwento ayon sa bilang.[2] Mistulang tulang prosa ang mga maiikling kuwento ni Jose Garcia Villa sa "Wings and Blue Flame: A Trilogy" katulad ng "Untitled Story", "White Interlude", "Walk at Midnight: A Farewell" at "Song I Did Not Hear" (2013). Lirikal ang kanyang pagsasalaysay ng kalungkutan, pangungulila, at pag-iisa sa New Mexico kung saan siya nag-aaral, at inuugnay niya ito sa kuwento ng iba't ibang homoerotiko at romantikong relasyon sa mga nakilala niyang binata tulad nina David, Jack, Johnny, at Joe Lieberman.[3] Bumabalik din sa kanyang alaala ang pagtatatwa ng kanyang ama. Maaaring metapisikal na drama ito ng kanyang loob sa labas na iba sa kanya. Ang mga salaysay ay isang pagpipilit ng kanyang sarili sa panitikang Amerikano. Ipinakikita niya ang kanyang paghihirap na makibagay laluna't nagmumula ang akda sa panahon matapos ang Great Depression. Ang kanyang pagsulat ay pagpapakita ng *hybridity* ng lirikal at sentimental mula sa isang sinakop na Pilipino. Tahimik ang *persona* tungkol sa kanyang pinagmulan. Maliban sa mga kuwento ng relasyon, tumatak sa'kin na hindi niya maipagtapat na gusto niya ang isang lalaki dahil sa kahihiyang mabubunyag ang kanyang kabaklaan.

---

[2] Tinawag ni Edward O'Brien, ang kanyang patnugot, na may pagka-talambuhay (awtobayograpikal) ang mga akda ni Villa (Garcia 2014, 168).

[3] May malaman na diskusyon si Martin Joseph Ponce sa *Beyond the Nation: Diasporic Filipino Literature and Queer Reading* (2012, 65-73) tungkol sa Queer Aesthetics ni Villa.

**2. John Silva**

Natagpuan ko ang *autobiographical gay memoir* ni John Silva dahil kay Martin Manalansan IV. Sa *(Re)Locating the Gay Filipino: Resistance, Postcolonialism, and Identity* (1993), binasa ni Manalansan IV ang *autobiographical memoir* ni Silva, ang "Iyay" (1993) bilang isang pagtatangka ng mga migranteng Pilipino na ipakita ang 'di-pagkakapantay-pantay sa Pilipinas at Amerika (Manalansan IV 1993, 56). Sa *Iyay* ikinuwento ni Silva ang kanyang kabataan mula dekada '50 hanggang '60 sa piling ng kanyang yaya, si Iyay. "Sali" o "Rosalita" ang tunay niyang pangalan pero Iyay ang tawag sa kanya sa hacienda ni Silva. Si Iyay ang tumayong babaeng figura sa buhay ni Silva dahil siya ang nag-alaga sa kanya sa kanilang hacienda. Habang sinasanay siya ng kanyang koronel na Tatay na maging isang lalaki, binibihisan naman siya ni Iyay para maging babae. Nang mag-*migrate* si Silva sa Amerika, nawalay siya sa kanyang tagapag-alaga.

Kay Iyay siya nakabuo ng relasyon na tulad ng isang ina. Istrikta ang mahigpit niyang Lola at Mama kaya mas naging bukas siya kay Iyay. Habang tumatanda siya'y natututunan niyang kilalanin ang pagkagusto sa ibang lalaki. Sa tuwing umuuwi sa Pilipinas, kay Iyay siya bumabalik. Dinala pa nga nito ang kanyang *boyfriend* para makilala ni Iyay. Sa pagtanda, sinimulan niyang kuwestiyunin ang masamang pagtrato ng kanyang mga magulang at lola kay Iyay. Pumanig siya dito at itinuring si Iyay na kanyang magulang. Inaalay ni Silva ang akdang ito sa panahon ng kanyang pakikibaka sa karapatang pantao noong dekada sitenta. Ipinakita rin ni Silva ang dinamiko ng haciendero sa kanyang mga alipin sa Negros. Sa kuwento, lagi niyang naaalala ang lambing ni Iyay na, *"Palangga ta gid ikaw"* (Mahal kita), na dalawang beses niyang naalala sa kuwento. Sabi nga niya sa akda*, "To forget, you see, was tantamount to ending one's love"* (Silva 1993, 114). Pag-aalaala itong "Iyay" sa taong kinanlong siyang maging malaya at huwag matakot sa sariling kasarian. Unang nalathala ang Iyay sa dyornal na *Lavender Godzilla* noong Tagsibol 1992 at muling inilimbag bilang bahagi ng antolohiyang *Boyhood, Growing Up Male* noong 1993 ng The University of Wisconsin Press.

**3. Danton Remoto**

Nauna nang nagsulat si Danton Remoto ng mga personal na karanasan tungkol sa kanyang kabataan sa "Points of Departure", "A quick visit to Bása", at "The Chinoys amongst us" na nasa "Seduction

and Solitude" (1995) at ang "Early Christmas Gifts" sa *X-Factor: Tales Outside the Closet Essays* (1997).[4] Hindi ito ang buong kuwento ng kanyang kabataan. Mga bahagi lamang ito ng isang buong koleksiyon ng kanyang mga kolum sa dyaryo. May *trend* sa panitikang bakla na ang mga unang sanaysay ng kabataan ay matatagpuan bilang mga babasahin sa pahayagan.

**4. Francis Martinez**

Sa *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*, nasama ang "My Sister's Dolls" ni Francis L. Martinez (1996) na tungkol sa kanyang alaala ng *trauma* sa pagkakahuli ng kanyang Mama habang nilalaro niya ang mga damit at manyika ng kanyang kapatid na babae. Pinalo si Francis ng kanyang Tatay at binigyan ng maraming laruang panlalaki. Subalit, kahit ano'ng gawin nila, hindi niya napigilan ang sariling pakiramdam. Nilayo ang mga manyika sa bahay kaya naging kaaway niya ang kanyang kapatid sa mahabang panahon noong sila'y binata't dalaga. Nang tumanda, si Francis ang nag-udyok sa sarili na kausapin ang kapatid at magkapatawaran sila sa isa't isa. Ikinuwento niya sa kapatid ang mga naging *boyfriend* niya.

Nakakagaan basahin ang "My Sister's Dolls" dahil ipinakita rito ang pagbabalik-loob ng may-akda sa kanyang kapatid. Itinuloy ni Francis Martinez ang pangungumpisal sa *The No-face Man & Other Poems: Confession as Performance* (2006), ang kanyang M.A. *thesis* sa Creative Writing sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

**5. J. Neil Garcia**

Kilala si Garcia bilang kritiko sa kanyang pagsasapoetika ng postkoloniyalismo at pagsasakasaysayan ng bakla sa Pilipinas. Sa *Closet Queeries* (1997), koleksiyon ng kanyang mga sanaysay, pinagsama-sama niya ang mga kolum sa dyaryo pati na rin ang mga personal niyang lakbay-sanaysay *(travel narratives)* sa Camiguin at Dumaguete. Hindi ito talang-gunitâ kundi koleksiyon ng mga pormal at 'di-pormal na sanaysay. Minsa'y guro si Garcia sa mga akdang ito at binibigyan ng payo ang mga nagsisimulang baklang manunulat. *"But once I knew I was gay, and once I knew I was a writer,*

---

[4] May nobela si Danton Remoto, ang *Riverrun* (2015) na tungkol sa kabataan ng isang bakla, ngunit wala pa siyang naisusulat na isang buong koleksiyon ng mga alaala o talang-gunitâ (*memoir*). Malaking kakulangan ito sa panitikang bakla. Mahalagang makita rin ang awtobayograpikal na relasyon ng may-akda sa lawas ng kanyang gawa. Lumaki sa Clark Air Base, Pampanga si Remoto. Ang unang tatlong akda niya ay galing sa *Seduction & Solitude: Essays* (1995), at ang "Early Christmas Gifts" ay mula sa *X-Factor: tales outside the closet essays* (1997).

*I resolved to do my best to be good (nay, excellent) at both,"* (Garcia 1997, 18) ang isa sa mga payo na pinagmuni-munihan ko rin bilang manunulat. Minsan binibigyan niya ng payo ang mga binatang estudyante lalo na 'yong mga naguguluhan sa kanilang sarili at 'yong mga walang humpay makipagrelasyon. Nagustuhan ko ang lawak ng kanyang tinatanaw sa konsepto ng pagsulat ng kabaklaan, na ito'y isang matapang na paglaladlad at pangongontra sa gahum na lahat ng isinusulat sa ating lipunan ay heterosekswal.[5] Ang mga sanaysay ay tumatalakay sa kasalukuyan ng manunulat. Bilang mga kolum sa pahayagan ang mga anyo ng mga sanaysay, lumalagos ito sa iba't ibang disiplina at higit sa lahat, itinaas ang diskurso tungo sa kritisismong pampanitikan.

**6. Michael Lim Tan**

"Both Sides Now" (1997) ang kaisa-isang personal na naratibong isinulat ni Michael Tan na nasama sa koleksiyong *Primed for Life: Writings on Midlife by 18 Men* na pinamatnugutan ni Lorna Kalaw-Tirol. Sa sanaysay na ito, ipinakita niya ang saloobin ng isang tumatandang bakla. Binalikan niya ang mga araw ng kanyang kabataan na mula sa isang pamilyang Tsino hanggang sa siya'y nakapag-aral sa unibersidad, naging aktibista, sumanib sa lihim na kilusan noong diktadurang Marcos, nag-organisa sa mga baryo noong dekada otsenta, at tuluyang tumiwalag sa kilusang pambansang demokratiko pagkatapos ng EDSA *revolt*. Sa kanyang kuwento, inalala niya ang pag-usbong ng mga organisasyong lesbiyana't bakla sa Ateneo na sinimulan ang adbokasiya ng pagpigil sa pagkalat ng HIV hanggang sa mabuo ang grupong The Library Foundation (TLF). Nakita niya ang paglipat ng larangan ng kanyang mga dating kasama sa kilusan noong diktadurang Marcos sa iba't ibang *non-government organizations* (NGOs). Nasa bingit siya ng krisis nang sumapit ang kanyang ika-30 at ika-40 taong kaarawan. Napagtanto niya na ang kanyang sarili'y hinuhulma rin ng kanyang kasalukuyan at nakaraan bilang burgis, bilang Pilipino, at bilang lalaki. Isinulat niya ang akda noong 1993 at hindi na niya binago ito.

**7. Louie Cano**

Sekswal at malandi naman ang bersiyon ng mga personal na salaysay ni Louie Cano sa *Brusko Pink, King Kong Barbies, & Other*

[5] *"It is therefore assumed that all literary texts, all literary characters, all literature are straight, unless indicated unmistakably otherwise… by not acknowledging the possibility of reading a text's homosexuality, one cheats of its fullest signification, the truest gauge of its worth"* (Garcia 1997, 17).

*Queer Files* (2005). Inilahad ni Cano ang kanyang pagkilala sa iba't ibang uri ng bakla. Marami sa mga akda rito'y tungkol sa kanyang mga nakaka-*meet up* na tila ba ang bakla'y laging naghahanap ng pag-ibig. Siya 'yong tipikal na baklang madaldal at hindi siya nahihiyang isulat 'yon sa kanyang koleksiyon. Ilan dito'y pagmumuni-muni niya sa kung ano ba ang ginagawa ng mga bakla, ano ang kanilang buhay sa loob ng *gym*, paano sila makisalamuha sa kanilang mga ka-*meet up* sa Manila Hotel, at ano ang dapat gawin para makabingwit ng lalaki. Mula sa mga *bar* ng Malate tungo sa mga gilid at sulok ng bahay ang lawak ng kanyang sinasakupang mga paksa.

**8. John Iremil E. Teodoro**

Ang huli kong nahanap na halimbawa ng personal na sanaysay tungkol sa kabaklaan ay kay John Iremil E. Teodoro sa *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa* (2007 at 2014). Ang karamihan sa mga sanaysay na isinulat niya ay tungkol sa kanyang mga kritisismo ng mga tula, pagbasa ng pelikula, pagkomento sa mga napapanahong isyu, at paghahanap ng pag-ibig na nalathala sa diyaryong *Bandillo ng Palawan-Edisyong Filipino* sa Puerto Princesa (Teodoro 2014, xi). Talakera at nang-ookray ang baklang persona ni Teodoro sa pagbibigay pananaw sa mga napapanahong isyu ng kanyang paligid.[6] Gayumpaman, hindi ito nakasagabal sa kanyang mahuhusay at matatalinong pagmamapa ng kanyang paniniwala.

**9. Chuckberry Pascual**

Natagpuan sa Likhaan 4: *The Journal of Contemporary Philippine Literature* ang personal na sanaysay ni Chuckberry Pascual, ang "Singkaw" (2010), na nakatuon sa bigat ng pasanin niya bilang tanging anak sa kanilang tahanan. Sinimulan ang naratibo sa pag-iwan niya sa binabasang libro at pagsugod ng kanyang Tatay upang operahan ang *fistula* o namamagang puwit. Nakita ni Pascual ang pagbabago ng kanyang Tatay na dati'y tinututukan pa ng baril ang kanyang Nanay isang gabi bago ito lumipad bilang *entertainer* sa Japan. Ang kanyang agam-agam o pagkabahala tungkol sa pagbuhat ng singkaw, ang aparatong ginagamit ng kalabaw para hilahin ang isang araro o kariton, ay nagsanga sa alaala ng pagkalugi ng kanilang mga negosyo sa pamilya. Ipinasok din niya ang agam-agam sa desisyong maging manunulat at *freelancer* sa panahong dapat nakakatulong na siya sa maraming bayarin. Hindi lantaran ang

[6] Sumasang-ayon ako sa pagbasa ni Yasmin D. Arquiza, ang nagsulat ng "Introduksyon" sa *Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa* (2007, xiv).

tema ng kabaklaan dito subalit ipinamamalas ng kanyang sanaysay na maaaring magsulat ang mga bakla na hindi lamang nakakulong sa tema ng sekswalidad. Nagtapos ang kanyang sanaysay sa posibilidad at pangarap na ang pagsusulat ng mga kuwento bilang pagsagip sa kasalatan ng kanyang materyal na kondisyon.

**10. Romulo P. Baquiran, Jr.**

Naaksidente si Baquiran at naratay sa ospital. Mula rito, nakabuo siya ng isang talang-gunitâ sa kanyang pagkilala sa sarili. *Ang Sagad sa Buto: Hospital diary at iba pang sanaysay* (2010) ay isang *memoir* tungkol sa kanyang mga pagninilay at natagpuang katotohanan habang nagpapagaling. Ginunitâ niya ang kanyang nakaraan, ang kanyang buhay bago ang aksidente at kung paano ito naiuugnay sa pagiging isang manunulat. Masasabing sa mga sanaysay na ito, itinuturing na *therapy* o paghihilom sa mga *trauma* ang kanyang pag-akda ng mga alaala.

**11. Ronald Baytan**

Pinagsama-sama ni Ronald Baytan sa *The Queen Lives Alone: Personal Essays* (2012) ang koleksiyon ng mga sanaysay na nalathala sa iba't ibang publikasyon tulad ng *Philippines Free Press*, *Ladlad*, *Instik*, at *Philippine Star* (Baytan 2012, vii). Hindi rin ito *full blown memoir* na tungkol sa kanyang mga alaala no'ng bata pa siya. Mas sinusundan nito ang uri ng pagsasanaysay na meditasyon sa iba't ibang paksain, bagay, o pangyayari. Minsa'y intelektuwal at minsa'y kritiko si Baytan sa koleksiyong ito. Inilalarawan niya ang espasyo ng transportasyon, ang buhay ng isang *queer*, ang pagiging kritiko at makata, at pagiging anak sa konserbatibong pamilya. Dagdag pa rito ang kulturang Maynila kung saan siya lumaki. Sa *The Queen Lives Alone*, magaan ang wika, matimpiin at kontrolado ang mga salita. Naramdaman ko sa "Pua Iyam" ang kanyang tensyon lalo na no'ng ipinakita niya sa Tatay niya ang unang nalathalang tula sa *Ladlad* anthology. *"He smiled but I could read his eyes,"* aniya (Baytan 2012, 108).

**12. Raymond Alikpala**

Isa sa mga unang baklang talambuhay na isinulat ng isang Pilipino ang *Of God and Men* (2012) ni Raymond Alikpala. Ikinuwento niya rito ang kanyang personal na pagtunggali sa sariling pagnanasa at pagkilala sa kabaklaan sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay. Malawak ang sakop ng kanyang nobela, mula sa pagkabata, sa

kanyang *elementary education* sa isang Catholic school, sa hayskul, sa kolehiyo kung saan siya mas naging bukas sa sarili, sa loob ng *law school*, hanggang sa maging isang propesyunal na abugado. Pinabasa niya sa kanyang pamilya ang nobela subalit hindi maganda ang kanilang pagtanggap. Matagal na panahon ang lumipas upang matanggap nila si Raymond. Sa kasalukuyan, isa siyang abugado na masugid na ikinakampaniya ang batas sa *same-sex marriage*. Miyembro rin siya ng *Ang Ladlad Partylist*.

**13. Jack Alvarez**

Unang lumabas noong 2010 bilang *self-published* na koleksiyon ang mga dagli ni Jack Alvarez sa *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* at muli itong inilimbag ng Visprint, Inc. noong Mayo 2015. Mala-sanaysay, mala-talang-gunitâ, at mala-katha ang mga dagli ni Jack Alvarez dito. Pinagsasama niya ang pamamahayag at kuwento ng kanyang karanasan bilang OFW, puta, anak, kapatid, kaibigan, at karelasyon. Nakamamangha ang paghahati ng koleksiyon sa iba't ibang mga tula, na tila mga orasyon ng pagtawag sa kanyang musa o paghahanda sa mambabasa sa kanyang mga eksena. Binabali ng *Ibang Lady Gaga* ang kumbensiyon ng pagdadagli. Sa isang buong koleksiyon, ang lahat ng titulo'y magkakabaligtad ang ispeling. Pinakanagustuhan ko si Alvarez sa kanyang mga dagli tungkol sa kanyang Tatay sa "WKAAS" (2015) na tungkol sa sinusundan niyang mag-ama noong magpunta siya sa isang *mall*. Naging *stalker* si bakla subalit napagod siya sa kasusunod. Habang sinusundan sila, nabubunyag ang paghahanap niya sa pagkalinga ng isang ama. Nagustuhan ko ang kaiksian at kasiksikan ng prosa ni Alvarez. Malay siya sa paggamit ng mga teknik sa pagtula at pag-ugnay sa mga nilalaman ng kulturang kanyang dinanas—ang Saudi Arabia.

**14. Wilfredo Pascual**

Koleksiyon ng mga personal na sanaysay ang *Kilometer Zero* (2016) ni Wilfredo Pascual. Intelektuwal at sumasanga sa diwa ng siyensiya, antropolohiya, at sosyolohiya ang kanyang mga sanaysay. Bagamat personal at mala-katha ang paglalatag niya ng kuwento, nabalanse ito ng kanyang mga saloobin na iniuugnay niya sa iba't ibang diskurso at alaala ng kanyang personal na buhay. Isang halimbawa ang "Animalia" (2016) na nagsimula sa pagpasok ng paniki sa kuwarto ng kanilang bahay at sumanga na ang alaala sa kanyang paglalakbay sa mga kakahuyan at gubat ng Thailand at Tomales Bay, at ang alaala ng kanyang ama bago ito namatay sa

Amyotrophic Lateral Sclerosis (ALS). Tungkol sa kanyang ama, ang "Animalia" ay tagpi-tagping alaala na kasama niya ang kanyang Tatay sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay. Sa gitna, itinatahi ang mga kuwento ng mga pag-aaral ng mga *biologist* at *naturalist* tungkol sa gawi ng mga hayop tulad ng *pigeon* at aye-aye (isang *lemur*). Ang alaala ng kanyang ama na pinakain siya ng itlog ng mga palaka ang nagtahi sa dulo ng kuwento. Maaaring isang pag-aalay itong "Animalia" sa regalo ng kanyang ama, ang kalikasan. Iba-ibang kalye at pook ang nilakbay ng *Kilometer Zero*. Matalino ang pag-uugnay niya ng kuwento ng kung paano namatay ang kanyang ama dahil sa ALS sa "You Have Me" (2016) na nakasanga sa kanyang *gay marriage* at sa kanyang mga meditasyon at ideya tungkol sa paghahanap ng mga kapatid at kadugo sa ibang bayan at lahi gamit ang DNA. Makikita na ang buong koleksiyon ay isang *memoir* din, dahil hindi hinahanap nito ang bakas ng sarili at ng imperyo, ang Amerika na siyang malaki ang impluwensiya sa kanya bilang migrante. May pakiwari na hindi pa tapos ang imperyo sa malawak na impluwensiya nito sa buhay ng mga nasakop nito.

**15. Arnie Quibranza Mejia**

Sa *Writing Naked* (2016), itinala ni Arnie Mejia ang mga alaala tungkol sa pagtakas ng kanilang pamilya sa Estados Unidos pagkatapos mapatalsik si Ferdinand Marcos bilang diktador noong 1986. Bilang *exile*, naranasan ni Mejia ang kahihiyan bilang iba sa kanyang mga kaklaseng mapuputi. Napukaw siya sa lipunang may diskriminasyon at stigma sa mga bakla at matataba. Lumaki siya sa Amerika at doon na kinilala ang sarili pati na ang kanyang magiging *boyfriend*. Hindi hiwalay sa kanyang pagtanda ang pagkilala sa karahasan na ginawa ng mga Marcos. Lumaki siya sa pamilyang suportado ang mga Marcos, lalo na't *boss* ng kanyang tatay si Danding Cojuangco at *fan* ni Imelda Marcos ang kanyang Nanay. Kasama na rin dito ang kanyang *maturity* bilang manunulat. Nakatala sa *Writing Naked* ang mga agam-agam at pakiramdam ng isang baklang nagmamahal. Dinadala ni Mejia ang mambabasa sa kaibuturan ng kanyang damdamin lalo na nang mamatay ang kanyang *ex-boyfriend* sa *pneumonia*. Naging *caregiver* siya sa New York at kalauna'y bumalik din sa Pilipinas. Magaan ang pagkakasulat ng bawat kabanata na pinamagatan ng mga popular na awit sa Ingles. Ayon kay Mejia, bawat kantang nakapaloob sa bawat kabanata'y marka ng kanyang mahahahalagang bahagi ng buhay lalo na rin ng panahong kinapapalooban ng kanyang alaala (2016). Kahubdan ang ginamit niyang talinhagang nag-uugnay sa kanyang pagtatala

sapagkat ang pagtatalang-gunitâ para sa kanya'y pagbubunyag ng kaluluwa, damdamin, at pangarap tungkol sa mga pangyayaring bumabalik sa kanyang alaala (Mejia 2016, xiv).

**16. Jerry Gracio**

Isinakoleksiyon ni Jerry Gracio sa *Bagay Tayo* (2018) ang ilan sa mga personal niyang sanaysay na naka-*post* sa Facebook tungkol sa pag-iibigan nila ng kanyang *partner in life* na si Pitbull. Lirikal, magaan, at may saysay ang bawat kuwento sa labintatlong taong pagsasama nila ni Pitbull bilang mangingibig, asawa, jowa, at kaibigan. Higit pa sa pag-ibig ang umaapaw na mga salita rito. Sa dalawang kuwento rito, ang "Siwalat" (2018) at "Ideal" (2018), may pahapyaw na pagpapahiwatig tungkol sa kabataan ni Gracio. Isang halimbawa sa "Siwalat" kung saan pinagalitan siya ng kanyang Nanay dahil muntik nang mabagok ang kanyang ulo sa inidoro dahil sa pagkanta niya ng isang awit ni Nora Aunor. Sa "Ideal", ikinuwento niya ang kanyang naging *crush* na *physics major* at naging kaibigan din kalaunan sa UP, at ang mga sumunod niyang *ideal boys* na naging mga *boyfriend* din niya bago mapunta kay Pitbull.

**B. Mga tesis/disertasyon**

**1. Ralph Semino Galan**

Sa kanyang 'di-nalathalang tesis, ang "From Mindanao to Malate: One gay writer's journey (travel writing and an exegetic essay)" (2005), ikinuwento ni Galan ang mga alaala ng kanyang kabataan sa Iligan at ng kanyang karanasan sa paglipat sa Maynila. Dito ipinakita niya ang husay sa pagsasanib ng tula at sanaysay. Bilang makata, ginamit niya ito bilang ugnay sa kanyang mga karanasan. Iminapa niya sa bawat sanaysay ang mga kasaysayan sa likod ng mga tulang isinulat niya. Pinakatumatak sa akin ang kanyang "Mindanao on my Mind" na nagbabalik-tanaw sa kanyang alaala ng diskriminasyon sa kanyang pagiging bayot noong bata pa siya. Ipininta niya ang manunulat bilang isang *exile*, na nagsusulat ang bakla mula sa malayo at nililikha niya ang kanyang tahanan mula sa imahinasyon.

**2. F. Austria Jr.**

Isang tesis sa College of Mass Communication, University of the Philippines, Diliman ang nagtala ng mga salaysay ng bakla

tungkol sa kanilang paglaki. Ipinakita kung paano naigpawan ng mga baklang nagsasalaysay ang ideolohiyang patriyarkal o macho sa mga pagtrato sa kanila ng pinagmulang pamilya at komunidad. Mababasa rito ang mga nasa *middle-age* at *late twenties* na bakla at ang kanilang mga alaala ng pagmamaltrato, pananakit, o pagpipigil na sila'y maging bakla ng kanilang mga magulang. Hayag ang *effeminophobia* o diskriminasyon lalo na sa mga binabae kung kumilos. Pinipigilan sila ng magulang na maging babae, sinasaktan ng mga tiyo ang kanilang pamangking bakla, at nawasak ang isang barkada ng mga bakla sa Don Bosco dahil nagsumbong ang *guidance counselor* sa mga magulang. Matatagpuan ang salaysay nina Barnard, 30; Ding, 36; at Noel, 23 sa tesis masteral ni F. Austria Jr. na "Gay Voices Online: Understanding the Motives of Gays in Manila for Going Online" (2004) (Tolentino at Santos 2014, 307-310).

**3. Norberto Bana III**

Nagsimula si Noberto "Jun" Bana III bilang isang kwentista. Marami sa mga akdang isinulat niya'y sa Ingles at Sebuwano. Natapos ni Bana ang "Game/Boys" (2017), isang 'di-nalathalang disertasyon sa programang Ph.D. ng Creative Writing sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kuwento ito ng kabataan ni Bana sa Mindanao kung saan siya lumaki sa loob ng isang *city jail compound* noong dekada sitenta. Kuwento rin ito ng kanyang *trauma* habang lumalaki sa piling ng isang Tatay na mahigpit at nananakit. Lumaki siya sa isang konserbatibo at relihiyosong pamilya, subalit sa paglaki, natutunan niyang bumalikwas dahil na rin sa kanyang mga nararamdaman sa kapwa lalaki. Ipinakita niya kung paano sa simula, nagmina siya ng mga karanasan sa kanyang kabataan, sa karanasan sa mga lalaking nakaseks. Sa kalaunan, mas lumalim ang kanyang paghahanap sa pagpapatawad sa lahat ng diskriminasyon at panghuhusga na naranasan niya sa kanyang mga kapatid at magulang. Isa sa pinakamasakit na alaala sa kuwento ay nang ihampas sa kanya ng kanyang Tatay ang kahoy na upuan, isang gabing tumakas siya at sumali sa Miss Gay. Sentimental, intelektuwal, at puno ng repleksiyon ang kanyang mga akda. Para sa kanya, ang paggunitâ o pag-alaala ay pagninilay at paghahanap ng saloobin.

## C. Mga lathalain

**1. Lawrence Lacambra Ypil**

Manunulat sa Sebuwano at Ingles si Lawrence Lacambra Ypil. Naging *fellow* si Ypil ng *nonfiction* sa UP National Writers Workshop

noong 2007 pati na rin sa NY State Summer Writers Institute noong 2011. Aral siya sa estetikang Anglo-Amerikano at estetika ng akademiya dahil may dalawa siyang MFA, una sa *poetry* bilang Fullbright Scholar ng Washington University in St. Louis noong 2012, at ikalawa sa *nonfiction* mula sa University of Iowa noong 2012-2015. Una siyang nakilala sa kanyang koleksiyon ng mga tulang *confessional*, ang *The Highest Hiding Place* (2007) na nagkamit ng maraming parangal. "Impermanent Residencies" (2007) ang kanyang sanaysay tungkol sa kanyang kabataan sa Cebu kung saan isinalaysay niya ang mga alaala ng pakiramdam na iba siya sa mga batang lalaki sa kanilang komunidad. Hilig niya ang isang *dollhouse* ngunit hindi niya ito mapaglaruan. Hindi siya makasakay sa mga lalaking kababata na mahilig manira ng mga gamit. Hindi rin niya maintindihan kung bakit ang kanyang sariling boses ay iba sa mga batang lalaki. Ipinakita niya sa sanaysay ang karanasang bata na binabasa o sinusuri ng kanyang matandang sarili. Kinuwestiyon niya kung ang tahanan mismo ay lunan talaga na pagkalinga at pagsasama-sama. Naging interesado rin siya sa pagtingin o pagsulyap mula sa lente ng *queer*. Ipinakita niya na sa kabila ng kanyang pagiging iba, minahal pa rin siya ng kanyang mga magulang. Ginawaran ang "Impermanent Residencies" ng ikalawang gantimpala ng *Philippines Free Press Awards* noong 2007. Isang *queer memoir* ang isinulat ni Ypil sa kanyang MFA sa *nonfiction* subalit hindi pa ito nailalathala.

**2. *Buhay Bahaghari***

Kalipunan ng mga personal na sanaysay at salaysay tungkol sa buhay ng mga bakla, lesbiyana, *bisexual*, at *transgender* ang tinipon ni Eva Culleng at ng UP Center for Women's Studies sa *Buhay Bahaghari*: *The Filipino LGBT Chronicles* (2014). Hango ang ilang sa mga sinulat dito mula sa isang *Blogspot site*, ang *The Philippine LGBT Chronicles*.[7] Karamihan ng kontribusyon ay mula sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Ilan sa mga natagpuan kong naratibo ng *pagbabakla* o kabataan ng mga bakla ay "Ang kwento ng pinakabonggang bahagi ng buhay ko" (2014) ni Percival Cendana na tinatala ang kanyang pag-angat bilang unang baklang University Student Council Chairperson ng UP Diliman, "Tale of the prodigal son" ni Tatyana Ross (2014) kung saan ikinuwento ang buhay ng isang baklang Moro, at "My own political journey" ni Bruce Amoroto (2014) kung paano niya hinanap ang katotohanan tungkol sa kawalan ng ama sa kanyang paglaki sa Batangas at ang kanyang pagkakatanto na ang personal na pakikibaka ay politikal.

[7] Wala na ang *website* na ito.

### 3. Mga sanaysay sa *Team* magazine

Mula 2015 hanggang sa kasalukuyan, ipinosisyon ng *TEAM* magazine ang paglalathala ng mga kuwento na tungkol lamang sa buhay bakla, *queer*, at *transgender*. Walang pagpapanggap na karamihan sa mga akda rito'y mula sa mga baklang gitnang-uri, maykaya, *freelancers*, artista, empleyado ng mga korporasyon, may-ari ng korporasyon, o may-ari ng negosyo. Kosmopolitano ang distribusyon ng *TEAM* at kakikitaan ito na ang pagkiling sa panulat ay nasa wikang Ingles, kahit may ilang interbyu na nakasulat sa Filipino. May natagpuan akong *coming out stories* kung saan karamihan sa mga tema na isinusulat ay tungkol sa karahasang naranasan nila noong sila'y bata pa at kung paano nila ito nalampasan sa kanilang *pagbababakla* o pagtanda. May tila pamukaw-siglang mensahe ang bawat isinusulat at ipinararating na ang pagiging bakla ay hindi hadlang dahil karamihan sa mga kuwento'y tungkol sa agam-agam ng isang binatang bakla o hindi pa nila nakilala na sila'y bakla. Nagtatapos minsan ang mga kuwento kapag nakilala na nila ang kanilang *boyfriend*, karelasyon (na maaari rin babae), o mangingibig. Ipinakikita nito na hindi iisa ang *coming out* o *becoming gay stories* sa *TEAM*. Subalit, limitado ang mambabasa ng *TEAM* sa pagbibigay lamang ng espasyo para sa mga manunulat o nagsasalaysay na mula sa gitnang-uri at maykaya. Hinawi ng *TEAM* ang daan upang magpakita na kayang mag-*distribute* ng mga akdang bakla at Filipino sa malalaking *publishing outlets*. Ilan sa mga natagpuan ko ang mga sumusunod: mula sa Issue 1, 2015, ang "Drawn to Desire: A Gay's Cartoon Coming of Age" ni Martin Yambao; mula sa Issue 2, 2015, ang "Bravely, To Be An Alfie" ni Evan Tan; mula sa Issue 5, 2016, ang "In Between Days" ni Paolo S. Ocampo; "Outgrown" ni Cedric Reyes; "Under the Pink" ni Apa Agbayani; "Of the Times: A refresher on gay lives then" at "…And Now, Flashbacks from Boy Abunda!" ni Paolo Lorenzana; at mula sa Issue 9, 2017, ang spread ng tatlong interbyu tungkol personal na *coming-of-age* ng isang *queer* Filipino—ang "The Past Foreign Country" nina Kiko Francisco, Gian Dapul, at Daniel Darwin.

### 4. Boy Abunda

Koleksiyon ng mga kolum ni Boy Abunda sa "Direct Line" ng *Philippine Star* ang *It's Like This: 100+ Abundable Thoughts* (2016) na inilathala ng ABS-CBN Publishing, Inc. Kasama rito ang 137 na *vignette*, maiiksing salaysay, at *quotable quotes* ni Abunda. Nakahanay ito mula sa iba't ibang tema: ang kanyang kabataan

sa Borongan, Samar, ang kanyang Tatay, ang kanyang Nanay, ang kanyang simula sa industriya ng telebisyon, at ang mga aral na natutunan niya sa pagtanda at pagiging isang guro. *Inspirational* ang tunguhin ng koleksiyon. Tila isang gabay sa mga gustong sundan ang kanyang yapak. Sa kanyang koleksiyon, naipakita na puwede pala baliin ang pagkokoleksiyon ng mga sanaysay. Maaaring maglaro at maghalo ng iba't ibang anyo. Ang kanyang *memoir* ay maihahanay sa *memoir* ng mga *celebrity*.

**5. Alton Melvar Dapanas**

Dalawang bahagi ng talang-gunitâ ni Alton Melvar Dapanas, ang "Growing up gay" at ang "A hammer, a vase, an ex-fiancé" ang nalathala sa pahayagang *Mindanao Gold Star Daily* nitong Enero at Disyembre 2017 (Dapanas 2017, 7 at 9). Ikinuwento niya ang perspektiba ng pagkilala sa kabaklaan at sa kanyang pamilya mula noong bata pa siya, noong hayskul, at noong kolehiyo sa kanyang pinagmulang bayan, ang Cagayan de Oro. Sa aking pagtatala, ikatlo ito sa baklang talang-gunitâ na isinulat mula sa isang manunulat na lumaki sa Mindanao.

## Kongklusyon

Pinatutunayan ng listahang ito ng mga 'di-kathang akda tungkol sa karanasang bakla o pagiging isang bakla na hindi lamang sekswal ang mga tema batay sa puna ni Jun Cruz Reyes; aniya, "puro *titi* lang" ang nasa panulat ng panitikan ng kabaklaan. Marahil, hindi pa nga nababasa ni Reyes ang bukal ng panulat na dapat ipagdiwang sa mga panahong naging marahas ang kultura at lipunang Filipino sa pagsasantabi ng mga identidad labas sa lalaki at babae.

Pagbawi ang sanaysay sa pagtatangkang maipakita sa susunod na henerasyon na mayroong tradisyon ng baklang sanaysay, 'di-katha, *creative nonfiction*, o talang-gunitâ sa malikhaing pagsulat sa Filipino. Nagsimula sa panitikang Ingles ang tradisyon ng pagsulat ng karanasang bakla ngunit kailangan pa itong itago sa katawagang katha. Malayo na ang pagbabagong nagawa ng mga manunulat sa anyo ng personal na sanaysay at talang-gunitâ. Mayroong mga pagtatangka sa pagsulat ng karanasan sa Maynila, sa mga *bar*, *gym*, restawran, klasrum, kalsada, ospital, *dating sites*, lumang sinehan, at marami pang iba. *Metropolitan* ang karamihan sa milyu ng mga manunulat sapagkat nakasentro pa rin ang mga katha sa mga karanasan nila sa Metro Manila. May mga komento sila tungkol sa buhay bakla, kung papaano alagaan ng sarili, kung

papaano pangalagaan ang sarili sa kalsada, o kung papaano pag-usapan ang kulturang popular sa mga bakla. Mayroon namang iba na ang ikinukuwento ay ang karanasan sa pagiging bakla o kaya sa kanilang paglaladlad bilang bakla sa pamilya, paaralan/unibersidad, at mga kaibigan. Ang ganitong uri ng mga akda ay pang-*young adult* sapagkat marami sa mga isinusulat nila ay alaala na lamang at pagbabalik-tanaw mula sa posisyon ng kanilang *maturity* sa pagkakaunawa sa kanilang karanasan. Mayroon ding mga akdang nagkukuwento ng tema ng pag-ibig, *falling in love*, pakikipag-*date*, *break up*, iba't ibang pamamaraan ng pakikipagtalik, pag-aasawa, ang pagli-*live in*, at pagkakaroon ng buhay na may *partner*.

Bilang pasubali kay Jun Cruz Reyes, ang mga akdang inilahad ay hindi lamang namomroblema sa personal na pagnanasa at pagkakahon sa mga bakla gamit ang erotisismo. Ang pag-aakda ng mga karanasan sa pakikipagrelasyon ay pagsasapolitika sa espasyong ito. Samantala, mayroong mga akda na sadyang iniangat na sa aktibismo katulad ng pagpili ng mga manunulat na sumapi sa mga organisasyong pang-LGBT. Pagpapakita ito na hindi lamang sa indibidwal nakapokus ang mga bakla bagkus, sa kanilang pagtanggap sa sarili at pagsanib sa kolektibong pakikibaka ng isang imahinaryong LGBT *community*. Nariyan ang mga kuwento ng mga baklang sumapi sa mga *gay* at HIV *organizations*. Mayroon namang iba na isinusulat ang *trauma* ng kanilang kabataan. Nagkukuwento sila mula sa mga trahedya na lubusang nagbago ng kanilang karanasan hanggang sa pagsasalaysay ng mga karahasang idinulot sa kanila ng lipunan.

Panghuli, mayroong mga manunulat na umaakda mula sa ibang bayan—mga OFW, migrante, at *expatriate* na nakapaloob sa mga tema ng paglalakbay, mga karanasan ng pagkilala sa sarili, pagharap sa rasismo at diskriminasyon, pagharap sa sekswal na pananamantala, at iba pang personal na karanasan ng pagiging baklang Filipino sa ibang bansa. Iba-iba man ang kanilang kuwento, ipinatatalos ng mga 'di-kathang akdang bakla na hindi lang sila puro *titi*.

Sa kabila ng mga nailatag na mga paksain sa panulat ng bakla, hindi pa nito nasasakop ang mga akdang naisulat sa mga rehiyon ng Pilipinas. Maaaring ipagpatuloy ng mga iskolar o manunulat ang mga pag-aaral na nagtatangkang hanapin sa ating tradisyon at inobasyon ang mga naratibong bakla o *pagbabakla* na siyang patuloy na kinakatha ng mayabong na imahinasyon ng sangkabaklaan. Higit

pa sa *titi* o bayag ang representasyon ng kabaklaan, at marahil sa pagbasa nito, nawa'y matagpuan ng sinumang makapupulot nito na may saysay ang pagsulat ng personal na karanasan.

Ang mundo at ang sarili ay magkakaugnay sa bawat tekstong binubuo ng mga manunulat. Ang produksyong pampanitikan ng karanasang bakla ay hindi tumitigil sapagkat patuloy na nagsusulat sa iba't ibang midyum ang mga bakla. Maaari pang pagtuunan ng pansin ang produksyon ng naratibong bakla sa mga *social media site*, sa mga akdang *self-published* o *zines*, at sa mga *independent publication*. Hindi pa nito nasasakop ang adaptasyon ng mga 'di-kathang naratibong bakla na nasa brodkast midya at pelikula. Higit pa rito, ang mga umuusbong na subkulturang bakla ay dapat mabigyang-pansin sa panitikan lalo na sa mga akdang tumutukoy sa karanasan ng mga bagong *dating apps* tulad ng Grindr, Tinder, Bumble, Planet Romeo, at marami pang iba. Nariyan naman ang mga *alter* o mga alternatibong indibidwal na itinatago ang identidad gamit ang mga *social media account* sa Facebook at Twitter. Ang mga iyon ay isa sa mga limitasyon ng artikulong ito sapagkat hindi pa natutuklas ng mananaliksik ang mga akdang pumapaksa sa mundo ng *alter*.

Samantala, maaari pang palawakin ng mga susunod na manunulat o mananaliksik ang mga 'di-kathang akda tungkol sa kabaklaan. Panimulang pagbabaybay pa lamang ng artikulong ito sa mga naunang isinulat ng mga bakla na naging popular sa iba't ibang henerasyon.

Nananatiling buhay ang panulat ng panitikang bakla. Ilang beses man itong subukang wasakin, punahin at laitin, hindi pa rin tumitigil ang pag-aakda ng mga manunulat na bakla sapagkat ito ay buhay—búhay ang panitikang bakla dahil ang panitikang ito ay buháy.

## SANGGUNIAN


Abunda, Boy R., Jr. 2016. *It's Like This: 100+ Abundable Thoughts*. Quezon City: ABS-CBN Publishing, Inc.

Abbott, Franklin, pat. 1993. *Boyhood*, *Growing Up Male: A Multicultural Anthology*. Madison, Wisconsin: The University of Wisconsin Press.

Agbayani, Apa. 2016. *"Under the Pink." TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.

Alikpala, Raymond. 2012. *Of God and Men: A Life in the Closet.* Meath, Ireland, and Bangkok, Thailand: Maverick House Publishers.

Alvarez, Jack. 2015. *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga*. Pasay City: Visprint, Inc.

Amoroto, Bruce. 2014. "My own political journey." Nasa Callueng, Eva, pat. *Buhay Bahaghari: The Filipino LGBT Chronicles*. 144-147.

Arquiza, Yasmin R. 2007. "Introduksyon." Nasa Teodoro, John Iremil, pat. *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa*. xiii-xv.

Austria Jr., Fernando A. 2004. "Gay Voices Online: Understanding the Motives of Gays in Manila for Going Online." M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Bana, Norberto, III. 2017. "Game/Boys." Ph.D. dissertation, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Baquiran, Romulo P. 2010. *Sagad sa Buto: Hospital diary at iba pang sanaysay*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.

Baytan, Ronald. 2012. *The Queen Lives Alone: Personal Essays*. Quezon City: The University of the Philippines Press. 101-112.

Callueng, Eva. pat. 2014. *Buhay Bahaghari: The Filipino LGBT Chronicles*. Quezon City: UP Center for Women's Studies.

Cano, Louie. 2005. *Brusko Pink, King Kong Barbies & Other Queer Files*. Quezon City: Milflores Publishing, Inc.

Cendana, Percival. 2014. "Ang kwento ng pinakabonggang bahagi ng buhay ko." Nasa Callueng, Eva, pat. *Buhay Bahaghari: The Filipino LGBT Chronicles*. 31-36.

Dapanas, Alton Melvar. 2017. "Growing up gay." *Mindanao Gold Star Daily.* December 26.

___. 2017. "A hammer, a vase, an ex-fiancé." *Mindanao Gold Star Daily*. January 9-10.

Dececco, John at Emmanuel Nelson, pat. 1993. *Critical Essays: Gay and Lesbian Writers of Color*. New York: The Haworth Press, Inc. 53-72.

De Dios, Honorio Bartolome. 1998. *Sa Labas ng Parlor*. Quezon City: The University of the Philippines Press.

Evasco, Eugene, Roselle Pineda, at Rommel Rodriguez, pat. 2003. *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura, at Wika*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Evasco, Eugene, 2003. "Mga Tala." Nasa Evasco, Eugene, Roselle Pineda, at Rommel Rodriguez, pat. *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura, at Wika*. 123-126.

Francisco, Kiko, Gian Dapul, at Daniel Darwin. 2017. "The Past is a Foreign Country." *TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.

Galan, Ralph Semino. 2005. "From Mindanao to Malate: One gay writer's journey (travel writing and an exegetic essay)." M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Gallaga, Wanggo. 2015. *Remnants*. Metro Manila: Flipside Publishing.

Garcia, J. Neil. 2014. "The City in Philippine Gay Literature." *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 8. 161-184.
___. 1997. *Closet Queeries: Essays*. Quezon City: The University of the Philippines Press. 17-18.
Garcia, J. Neil at Danton Remoto, pat. 1996. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
Grácio, Jerry. 2018. *Bagay Tayo*. Pasay City: Visprint, Inc. 48-49.
Kalaw-Tirol, Lorna, pat. 1997. *Primed for Life: Writings on Midlife by 18 Men*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
Larson, Thomas. 2007. *The Memoir and The Memoirist: Reading and Writing Personal Narrative*. Athens, Ohio: Swallow Press, and Ohio University Press.
Lorenzana, Paolo. 2016. "Of the Times: A refresher on gay lives then." *TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
___. 2016. "…And Now, Flashbacks from Boy Abunda!" *TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
Manalansan, Martin F. IV. 1993. "(Re)Locating the Gay Filipino: Resistance, Postcolonialism, and Identity." Nasa Dececco, John at Emmanuel Nelson, pat. *Critical Essays: Gay and Lesbian Writers of Color*. New York: The Haworth Press, Inc. 53-72.
Martinez, Francis L. 2006. "The No-face Man & Other Poems: Confession as Performance." M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
___. 1996. "My Sister's Dolls." Nasa Garcia, J. Neil at Danton Remoto, pat. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*. 34-39.
Mejia, Arnie Quibranza. 2016. *Writing Naked*. España, Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
Ocampo, Paolo S. 2016. "In Between Days" *TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
Pascual, Chuckberry. 2010. "Singkaw." *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, 4: 86-99.
Pascual, Wilfredo. 2016. *Kilometer Zero: Personal Essays*. Philippines: Wilfredo Pascual.
Ponce, Martin Joseph. 2012. *Beyond the Nation: Diasporic Filipino Literature and Queer Reading*. New York and London: New York University Press.
Remoto, Danton. 2015. *Riverrun*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.
____. 1997. *X-Factor: tales outside the closet essays*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
____. 1995. *Seduction & Solitude: Essays*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
Reyes, Cedric. 2016. "Outgrown." *TEAM*, June. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
Ross, Tatyana. 2014. "Tale of the prodigal son." Nasa Callueng, Eva, pat. *Buhay Bahaghari: The Filipino LGBT Chronicle*. 116-119.
Silva, John. 1993. "Iyay." Nasa Abbott, Franklin, pat. *Boyhood, Growing Up Male: A Multicultural Anthology*. 108-122.
____. 1992. "Iyay." *Lavender Godzilla*, Spring. San Francisco, California: Gay Asian Pacific Alliance.
Tan, Evan. 2015. "Bravely, To Be An Alfie." *TEAM*, August. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
Tan, Michael. 1997. "Both Sides Now." Nasa Kalaw-Tirol, Lorna, pat. *Primed for Life: Writings on Midlife by 18 Men*. 144-157.
Teodoro, John Iremil E. 2007. *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa*. Quezon City: Vibal Group, Inc. (Muling limbag 2014).
Toledo, John Leihmar C. 2018. "Pagbabakla: Mga Talang-Gunitâ." M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Tolentino, Rolando B. at Josefina M.C. Santos. 2014. *Media at Lipunan*. Quezon City: The University of the Philippines Press.
Veric, Charlie Samuya. 2016. *Boyhood*: *A Long Lyric*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
Villa, Jose Garcia. 1933. "Wings and Blue Flame: A Trilogy." *Footnote to Youth*. New York: Scribners.
Villanueva, Rene. 1999. *Personal*: *Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
Yambao, Martin. 2015. "Drawn to Desire: A Gay's Cartoon Coming of Age." *TEAM*, April. Makati City: Canned Cacust Media, Inc.
Ypil, Lawrence Lacambra. 2007. "Impermanent Residencies." *Philippines Free Press*, January.
____. 2007. *The Highest Hiding Place*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.